Republic of the Philippines
Department of Education
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

# EBALWASYON SA KABISAAN NG MGA BIDYONG ARALIN SA KAKAYAHANG PAGKATUTO SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL




**MICHAEL C. AUTOR**
Teacher II



## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Quasi-Experimental na pananaliksik na tumutukoy sa Ebalwasyon ng kabisaan ng mga bidyong aralin sa kakayahang pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, napag-alaman ang antas ng kakayahang pagkatuto na mula sa panimula / paunang pagtataya sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison ay parehong nagtamo ng 29.21 na mean at standard deviation na 7.25 at 7.32. Samantala, ang antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pormatibong pagtataya sa walong paksang aralin matapos ang bidyong aralin ay nagpapakita na ang pangkat eksperimental ay may kabuoang 64.26 na mean at 7.44 na standard deviation habang ang pangkat komparison naman ay may kabuoang 45.68 na mean at standard deviation na 6.37. Malinaw na nagpapakita na ang bidyong aralin ay nakatutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Ayon naman sa resulta ng panapos na pagtataya kung saan ipinakikita ang antas ng kakayahan sa pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral ay mayroong 40.16 na mean at standard deviation na 4.91 sa pangkat eksperimental. Malinaw na ipinakikita na ang mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental ay nakakuha ng mas mataas na puntos kumpara sa mga mag-aaral sa pangkat ng komparison. Ipinakita naman ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at pangkat ng komparison sa pamamagitan ng walong pormatibong pagsusulit. Lumabas sa resulta na mayroong t-value na 8.266 ang kabuoang pagtataya ng mga mag-aaral at gamit ang 0.01 na significant value ay malinaw na lumabas na mayroong pagkakaiba pagdating sa pormatibong pagtataya ang dalawang pangkat. Mula naman sa pagtataya ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahang pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng panapos na pagsusulit ay nagpakita na mayroong mean na 40.16 ang pangkat ng eksperimental samantalang nakakuha naman ng mean na 31.00 ang pangkat ng komparison. Ang t-value ng dalawang pangkat ay 4.707 at ang significant value na 0.01 ay naglalarawang may makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat sa panapos na pagsusulit. Nagpakita naman ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison batay sa resulta ang panimula / pauna at panapos na pagsusulit. Malinaw na nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba ang panimula / pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral ng mga nasa pangkat ng eksperimental habang sa pangkat ng komparison ay malinaw ding ipinakikita na walang kabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral. Nangangahulugan na may malaking epekto ang bidyong aralin sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental samantalang may maliit na epekto lamang ang panurong ginamit sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng komparison.



***Keywords:*** *Quasi-Experiment, Filipino, kakayahang pagkatuto, Bidyong aralin*

**PANIMULA**

Malaki ang adbentahe ng Pilipinas sa paggamit ng mga de-makinaryang likha ng teknolohiya lalo na pagdating sa pagkalap ng mga impormasyon at pagsasanib ng teknolohiya sa pakikipagtalastasan. Nabigyan ng pagkakataon ang marami na magamit ito sa iba't ibang paraan at layunin. Dahil sa umiiral na globalisasyon, ang teknolohiya ay naging malaking bahagi ng pamumuhay ng isang tao, kaya naman hanggang sa loob ng silid-aralan ay nagkaroon ito ng malaking gampanin upang maisakatuparan ang mga kasanayang nakatakda sa kurikulum.

Batay kay Bartle, na isinalin ni Virola sa wikang Filipino "Ang Pagsasanay hango sa Paggawa" ay inirerekomenda. Ang tao ay natututo sa pamamagitan ng panonood, pakikinig sa isang nagsasalita, panonood habang ginagawa ang isang bagay at paggawa mismo ng isang bagay. "Isang katotohanan na magpapatotoo na ang tao ay marunong makinig, magsalita, magbasa, magsulat at manood. Ang pagsasalaysay ng mga ideya ay bunga ng pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at panonood. Ang pagsasalita ay naimpluwensyahan ng pakikinig sapagkat kapag nakinig nang wasto sa kausap ang isang indibidwal at magkaroon ng bukas na mga katanungan ay maaaring makasagot siya nang pasalita.

Ang panonood naman na teknolohiya ay lalong nagpaunlad ng komunikasyon kung kaya't naging mabilis ang mga transaksyon. Ang cellphone na uri ng teknolohiya ay may malaking tulong sa gawaing ito hindi lamang sa pamamaraang pasalita kundi sa pamamagitan ng text messaging.

Ayon sa inilabas ng Ginal Filipino (GC Filipino, 2016), ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki-pakinabang na literasi ang pangkalahatang layunin ng K to 12 na kurikulum. Kaugnay rito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na mahubog ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) mapanuring pag-iisip at replektibong damdamin at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahing anyong patula at prosa at pagsasanib nito sa makabagong teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa lipunan

Mula sa pagsasanib ng estratehiya ng guro sa pagtuturo at pagpapagana ng iba't ibang gawain gamit ang teknolohiya. Maraming guro ang gumagamit nito sa kasalukuyan hindi lamang upang maging kasangkapan sa paglalahad ng mga impormasyon mula sa isang tiyak na paksa, kundi sa pagsasakatuparan nito na maisanib sa mga kagamitang hindi tinutugunan ng mga nakalimbag sa papel na nangangailangan ng sintesis mula sa iba't ibang sanggunian (Marshall, 2010; Wofford et al., 2010). Kung kaya't dito, naging kilala o popular ang mga paggamit ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon at nagkaroon ng pagbabago sa pagbabahagi ng mga kasanayan sa bawat antas.

Mula naman kay Delgado (2016) ang panonood ay isang aktibong gawain. May nagaganap na pagpoproseso sa isip ng tagapakinig na kung saan nagbibigay-kahulugan ang mga tunog at salita. Ang mga tunog na naririnig ay nabibigyang-interpretasyon, nasusuri ang ating kaalaman sa estruktura ng wika at naisasa-isip ang mga mensahe, impormasyon at pahiwatig na napakinggan. Ang uri at layunin sa pakikinig ay lumilinang sa kasanayan sa pakikipag-ugnay sa kapwa at kapaligiran.

Ang *Flipped Classroom, Blended Learning* at *Massive Online Open Courses* (MOOC) ay may iba't ibang karaniwang pang-edukasyonal na kagamitan sa pagkatuto (Allan & Seaman, 2017; Oznacar, Koprulu, & Caglar, 2019; Schechter, Kazakoff, Bundschuh, Prescott, & Macaruso, 2017). Ang Flipped Classroom ay kagamitan kung saan ang mga mag-aaral ay natututo ng mga paksa sa labas ng silid-aralan at ang lahat ng kanilang mga natutunan sa mga gawaing pampagkatuto habang ang mga talakayan ay

isasagawa at ibabahagi naman sa loob ng silid-aralan (Gomez-Lanier, 2018).

Ang Blended Learning naman ay isa ring kagamitan na ginagamitan ng teknolohiya ngunit mayroong pagkakaiba sa paggamit ng Flipped Classroom dahil ang mga mag-aaral dito ay nakikipagtalakayan at nakikibahagi sa pagkatuto sa parehong paggamit ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo at teknolohiya ( Alnoori & Obaid, 2017).

Ang MOOC naman ay mga kursong pang-online na karaniwang libre o walang bayad para sa mga mag-aaral na nagnanais na kumuha ng anomang kurso (Pilli, Admiraal, & Salli, 2018). Sa pagitan ng MOOCs at mga pang-online ebuy-aaral, mas maraming mag-aaral ang natututo sa pamamagitan ng mga dihital na teknolohiya (Allen & Seaman, 2017). May kabuoang anim (6) na milyong mag-aaral ang sumailalim sa isang (1) kursong online sa nakalipas na taong 2015. Sa mataas na antas ng Edukasyon ay mayroong 29.7% na mga mag-aaral ang sumailalim sa isa o higit pang kursong online, at 14.3 ang eklusibong natututo sa online (Allen & Seaman, 2017). Habang ang Online Learning o pagkatutong online ay naging popular sa larangan ng edukasyon, ang pagpapatupad o pagsasagawa ng mga bidyong aralin ay naging kapaki-pakinabang rin. Maraming edukador o guro ang humahanap ng mga paraan upang magamit ang iba't ibang kagamitang multimedia tulad ng mga bidyo upang maging epektibo at mahikayat ang mga mag-aaral na makiisa sa pagkatuto (Nagy, 2018).

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga bidyong aralin sa pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang pananaliksik sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa pagkatuto ay may malawak na saklaw o sakop (Kinnari-Korpela, 2015). Ang pag-uugnay sa mismong sarili ay isang terminong nagbibigay ng maraming kahulugan. Paglilinaw ni Pittaway (2016) ang terminong ito ay nagpapakita ng iba't ibang pag-uugali ng mga mag-aaral na bunga ng panloob at panlabas na salik at hindi agad masasabi na "nakaugnay sa mag-aaral." Kahit na gumagamit sila ng naaayon sa kanilang pangangailangan ay maaaring pangasiwaan ang kanilang pagkatuto sa iba't ibang paraan na nakahihikayat sa kanila upang makaugnay sa pag-aaral.

**MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN DISENYO NG PANANALIKSIK**

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay matukoy ang kabisaan sa paggamit ng mga bidyong aralin sa kakayahang pagkatuto sa Filipino para sa mga mag-aaral na may iba't ibang pang-akademikong kakayahan sa pamamagitan ng paggamit ng Quasi-Experimental na Disenyo. Katulad ng totoong eksperimento, ang quasi-experimental na disenyo ay naglalayon na makabuo ng relasyong sanhi at bunga sa pagitan ng malayang baryabol at di-malayang baryabol. Subalit, hindi katulad ng tunay na eksperimento, ang quasi-experiment ay hindi nakatuon sa mga dagliang takdang gawain. Kung hindi sa mga sabjek na nakatalaga sa bawat grupo batay sa non-random na pamantayan. Ang Quasi-Experimental na disenyo ay isang mabisang kagamitan sa mga sitwasyon kung saan ang totoong eksperimento ay hindi magagagamit para sa mga etikal o praktikal na mga dahilan. Sa nonequivalent group na disenyo, ang mananaliksik ay pipili ng kasalukuyang grupo na may magkaparehong sumasailalim sa isang programa, ngunit may isa lamang na grupo ang makararanas ng isang panlunas na kagamitan. Sa paggamit ng ganitong disenyo, ang mananaliksik ay susubukin na masubok ang alinman sa confounding variables sa pagkontrol sa kanila sa pag-analisa o pagpili ng grupo na posibleng magkatulad.

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng panimula, pormatibo at panapos na pagtataya na nakatuon sa pinakamahahalagang kasanayang pampagkatuto. Nagsagawa ng Talaan ng Ispesipikasyon sa bawat pagtataya na ginamit, ito ay ipinasuri sa Master Teacher/Head Teacher sa Filipino ng paaralan at ang ginamit naman na mga bidyong aralin ay ginamitan ng Validation

Tool upang makita ang kabisaan ng mga bidyo aralin na ginamit.

Ang sumusunod na pamamaraan ay naisakatuparan sa produksyon ng mga bidyong aralin.

1. Pagpaplano at Panimulang Pagtataya

Sa pangangasiwa ng pagkalap ng mga datos, ang mananaliksik ay nagtala, nagsagawa ng rebyu at tinukoy kung ang mga kasanayang pampagkatuto na makikita sa PIVOT K-12 Kurikulum ay maayos na pinili mula sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang banghay aralin at ang scripts ay bubuoin upang masigurado na ang pagbuo ng mga bidyong aralin ay nakaangkla sa pamantayan ng K-12 na kurikulum. Sa hakbang na ito, ang Eksperto sa larangan ng edukasyon ay ang susuri at magwawasto sa nilalaman ng banghay aralin.

2. Akwal na pagsasagawa ng mga bidyong aralin

Pagkatapos na mabalikan ang Gabay sa K-12 na kurikulum at masuri ang banghay aralin, ang pagdalo sa webinar-workshop sa pagbuo ng bidyong aralin ay maisasakatuparan din. Ang lahat ng software na kinakailangan sa pagbuo ng bidyo ay naituro upang makapagbuo ng isang dekalidad na bidyong aralin para sa mga mag-aaral. Magkakaroon ng Inisyal na balidasyon mula sa mga Eksperto sa Edukasyon. Mula sa antas na ito, ang mananaliksik ay hihingi ng tulong mula sa mga Dalub Guro / Ulong Guro ng paaralan para naman sa pormal na balidasyon ng iminumungkahing bidyong aralin.

3. Pinal na Balidasyon ng mga Bidyong aralin

Ang pinal na balidasyon ng mga bidyong aralin ay maisasakatuparan sa tulong ng Master Teachers ng paraalan. Ang mga bidyong aralin maaaring mabago batay sa suhestyon at komento ng manunuri. Ang nasuri at naayos na bidyong aralin ang ipanunuod at ipagagamit sa mga mag-aaral at pagkatapos ay masusuri na ang kabisaan nito.

4. Pinal na Anyo ng bidyong aralin

Matapos na maipagamit sa mga mag-aaral ay maisasakatuparan ang pagtukoy sa kabisaan ng Bidyong aralin sa kakayahang pagkatuto sa Filipino ng mga mag-aaral at maaaring maging kagamitan sa mga susunod pang panuroan.

## RESULTA NG PAG-AARAL AT PAGTALAKAY

**Talahanayan 1. Antas ng kakayahan ng pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng paunang pagtataya**

| Pangkat | Mean | Std. Dev. | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|
| Eksperimental | 29.21 | 7.25 | Average |
| Komparison | 29.21 | 7.32 | Average |

*Legend: 45– 50 = Very High; 35 – 44 = High; 25 – 34 = Average; 15 – 24 = Low; 1 – 14 = Very Low*

Ipinapakita sa unang talahanayan ang antas ng kakayahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa unang pagtataya sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison na kung saan ang dalawang pangkat ay mayroong 29.21 na mean at *standard deviation* na 7. 25 at 7.32 at mailalarawan bilang *average.* Nangangahulugan lamang na ito ang ginamit sa mga pangkat na may parehong antas ng kaalaman sa unang pagtataya. Ang mga mag-aaral ay binigyan ng panimulang pagsusulit upang matukoy ang kanilang antas ng kakayahan sa pagkatuto bago sumailalim sa programa.

Ang panimulang pagtataya ang tumutulong sa mag-aaral upang sukatin ang kaalaman at kasanayang nakatanim na isip,

linawin ang mga maling konsepto at tukuyin ang kalakasan at kahinaan sa isang partikular na kaisipan at kasanayan (Everlinda U. Uleta, 2017).

**Talahanayan 2. Antas ng kakayahan ng pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng pormatibong pagtataya**

| Paksang Aralin | Pangkat | Mean | Std. Dev. | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| 1 Gamit ng Pang-uri | Eksperimental | 5.26 | 1.24 | Average |
| | Komparison | 5.05 | 1.84 | Average |
| 2 Paksa at Datos sa Binasang Sanaysay o Teksto | Eksperimental | 8.63 | 2.45 | Very High |
| | Komparison | 6.05 | 2.88 | Average |
| 3 Pakikinig/Pagbasa ng Pabula/ Paggamit ng Magagalang na Salita/Pagbibigay ng solusyon at opinyon /Pagsusunod ng mga pangyayari sa kuwento | Eksperimental | 7.42 | 2.61 | High |
| | Komparison | 5.16 | 2.46 | Average |
| 4 Gamit ng pandiwa sa iba't ibang sitwasyon | Eksperimental | 7.58 | 1.84 | High |
| | Komparison | 5.58 | 1.77 | Average |
| 5 Pagsagot ng mga tanong tungkol sa nabasang anekdota | Eksperimental | 9.26 | 1.19 | Very High |
| | Komparison | 6.21 | 2.97 | Average |
| 6 Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Bagong Ideyang Nakapaloob sa Teksto | Eksperimental | 7.95 | 1.39 | High |
| | Komparison | 6.74 | 2.23 | High |
| 7 Pagsusulat ng Sulating Pormal Pagbabahagi ng | Eksperimental | 8.84 | 1.01 | Very High |
| | Komparison | 4.95 | 1.90 | Average |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| isang Pangyayaring Nasaksihan/ Pagsulat ng Liham Pangangalakal | | | | |
| 8 Pagbibigay Kahulugan, Pahayag sa Pananalita ng Tauhan sa Napakinggang Usapan | Eksperimental | 9.32 | 0.95 | Very High |
| | Komparison | 5.95 | 1.61 | Average |
| Kabuuan | Eksperimental | 64.26 | 7.44 | High |
| | Komparison | 45.68 | 6.37 | Average |

*Legend: 9 – 10= Very High; 7 – 8 = High; 5 – 6= Average; 3 – 4 = Low; 1 – 2= Very Low*

Ayon sa resulta ng pag-aaral, ang ikalawang talahanayan ay naglalahad ng antas ng kakayahan ng pagkatuto ng mga mag -aaral sa pormatibong pagtataya sa walong paksang aralin matapos ang bidyong aralin. Ang talahanayan ay nagpapakita na ang pangkat ng eksperimental ay may kabuoang 64.26 na mean at 7.44 na *standard deviation sa walong aralin* at inilalarawan bilang *high*. Sa kabilang banda, ang pangkat ng komparison ay may kabuoang 45.68 na *mean* at *standard deviation na* 6.37 at mailalarawan bilang *average*. Ang pormatibong pagtataya matapos ang walong aralin ay nagpapakita na ang eksperimental na pangkat na ginamitan ng bidyong panturo ay may mas mataas na *mean* kumpara sa komparison na pangkat, ito ay nangangahulugan na ang bidyong panturo ay higit na nakakatulong sa pag-aral ng mga mag-aaral. Ang mga pormatibong binuo ay hango sa mga pinakamahahalagang pampagkatuto bilang batayan ng kanilang mga kasanayang dapat matutunan sa loob ng isang linggo. Isinagawa ang bawat pormatibong pagtataya pagkatapos na mapanuod at maunawaan ang bidyong aralin.

Ang pagtatayang pormatibo ay nagaganap habang isinasagawa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sinusukat nito ang pagbabago ng pagkatuto ng mag-aaral sa klase. Halimbawa, kapag may ginagamit na teknik ang guro sa gawain sa klasrum, ang pagtatayang ito ang magbibigay ng hudyat sa guro kung gagamitin pang muli ang napiling teknik sa sunod na gawain at sa ibang pangkat ng mag-aaral. Nakatutulong ito upang mabatid ng guro ang kanyang husay sa pagtuturo (Everlinda U. Uleta, 2017).

**Talahanayan 3. Antas ng kakayahan ng pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng panapos na pagtataya**

| Pangkat | Mean | Std. Dev. | Descriptive Interpretation |
|---|---|---|---|
| Eksperimental | 40.16 | 4.91 | High |
| Komparison | 31.00 | 6.91 | Average |

*Legend: 45– 50 = Very High; 35 – 44 = High; 25 – 34 = Average; 15 – 24 = Low; 1 – 14 = Very Low*

Batay sa ikatlong talahanayan ay nakapaloob ang antas ng kakayahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa panapos na pagtataya sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison na kung saan ang pangkat ng eksperimental ay mayroong 40.16 na *mean* at *standard deviation* na 4.91 at mailalarawan bilang *high.* Samantala, ang pangkat ng komparison ay mayroong 31.00 na *mean*, 6.91 na *standard deviation* at mailalarawan bilang *average.* Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental ay nakakuha nang mas mataas na puntos kumpara sa mga mag-aaral sa pangkat ng komparison pagdating sa panapos na pagtataya. Malinaw na naipakita sa panapos na pagtataya pagkatapos ng pagtalakay sa mahahalagang konseptong dapat pag-aralan. Ito ang nagbibigay ng pidbak sa guro upang matiyak niya kung talagang natututuhan ng mga mag-aaral ang kaalaman at kasanayang dapat niyang matutuhan. Kadalasang gumagamit ng rubrik o pamantayan na ibinibigay ng guro bago simulan ang anomang pagtataya. Ito ay upang masukat nang husay ng guro ang mga natutuhan ng kanyang mag-aaral. Kadalasang itong nasa anyo ng pagsusulit, pagbuo ng proyekto at pagtatanghal ng Gawain (Everlinda U. Uleta, 2017).

**Talahanayan 4. Pagtataya ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan ng pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng pormatibong pagsusulit**

| Pagsusulit | Pangkat | Mean | Mean Difference | df | t-value |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pormatibo 1** | **EG** | **5.26** | **0.21** | **36** | **0.414** |
| Gamit ng Pang-uri | **CG** | **5.05** | | | |
| **Pormatibo 2** | **EG** | **8.63** | **2.58** | **36** | **2.973**** |
| Paksa at Datos sa Binasang Sanaysay o Teksto | **CG** | **6.05** | | | |
| **Pormatibo 3** | **EG** | **7.42** | **2.26** | **36** | **2.753**** |
| Pakikinig/Pagbasa ng Pabula/Paggamit ng Magagalang na Salita/Pagbibigay ng solusyon at opinyon/ Pagsusunod ng mga pangyayari sa kuwento | **CG** | **5.16** | | | |
| **Pormatibo 4** | **EG** | **7.58** | **2.00** | **36** | **3.416**** |
| Gamit ng pandiwa sa iba't ibang sitwasyon | **CG** | **5.58** | | | |
| | **EG** | **9.26** | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pormatibo 5** Pagsagot ng mga tanong tungkol sa nabasang anekdota | **CG** | **6.21** | **3.05** | **36** | **4.152**** |
| **Pormatibo 6** Pagbabago ng Dating Kaalaman Batay sa Bagong Ideyang Nakapaloob sa Teksto | **EG** | **7.95** | **1.21** | **36** | **2.005** |
| | **CG** | **6.74** | | | |
| **Pormatibo 7** Pagsusulat ng Sulating Pormal Pagbabahagi ng isang Pangyayaring Nasaksihan/ Pagsulat ng Liham Pangangalakal | **EG** | **8.84** | **3.89** | **36** | **7.883**** |
| | **CG** | **4.95** | | | |
| **Pormatibo 8** Pagbibigay Kahulugan, Pahayag sa Pananalita ng Tauhan sa Napakinggang Usapan | **EG** | **9.32** | **3.37** | **36** | **7.845**** |
| | **CG** | **5.95** | | | |
| **Kabuuan** | **EG** | **64.26** | **18.58** | **36** | **8.266**** |
| | **CG** | **45.68** | | | |

***Legend: EG = Eksperimental Group; CG = Comparison Group; df = Degrees of Freedom***

*****Significant at .01 level***

Nakapaloob naman sa ikaapat na talahanayan ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison sa walong pormatibong pagsusulit. Gamit ang 0.01 na *significant level* na ang unang pormatibo ay mayroong *t-value* na 0.0414 at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat sa unang pormatibo. Sa kabilang banda, ang ikalawang pormatibo hanggang ikawalong pormatibo ay mayroong pagkasunod-sunod na *t-value* na 2.973, 2.753, 3.416, 4.152, 2.005, 7.883, at 7.845 at nangangahulugang ang pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison ay mayroong makabuluhang pagkakaiba. Ang kabuoang pagtataya ng mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison ay mayroong *t-value* na 8.266 at gamit ang 0.01 na *significant value* ang dalawang pangkat ay mayroong makabuluhang pagkakaiba pagdating sa pormatibong pagtataya. Ang mga mag-aaral

na nasa eksperimental na pangkat ay nakaranas ng panunuod ng mga bidyong aralin na inihanda ng guro at ang kabilang pangkat naman ay gumamit ng modyul pagkatapos ng apat na araw na pag-aaral gamit ang magkaibang kagamitan ay binigyan ng mananaliksik ang mga mag-aaral ng pormatibong pagtataya upang matukoy ang kanilang kakayahang pagkatuto.

**Talahanayan 6. Pagtataya ng makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan ng pagkatuto ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral batay sa kinalabasan ng pauna at panapos na pagsusulit**

| Group | Test | Mean | Mean Difference | df | t-value | Cohen's d | Effect Size |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Komparison | Pauna | 29.21 | 10.95 | 18 | 6.336** | 1.77 | Large |
| | Panapos | 40.16 | | | | | |
| Ekperimental | Pauna | 29.21 | 1.79 | 18 | 0.855 | - | - |
| | Panapos | 31.00 | | | | | |

*Cohen's d: 0.20 (Small); 0.50 (Medium); 0.80 (Large)*

***Significant at .01 level*

Inilalahad naman sa ikaanim na talahanayan ang pagtataya sa makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kakayahan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng eksperimental at pangkat ng komparison batay sa pauna at panapos na pagsusulit na kung saan ang pangkat ng eksperimental ay mayroong *mean* na 29.21 sa paunang pagsusulit at 40.16 sa panapos na pagsusulit, ang *t-value* ay 6.336 at *Cohen's d value* na 1.77 at significant value na 0.01 ito ay nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral na nasa pangkat ng eksperimental. Ito ay nangangahulugan na may malaking epekto ang bidyong aralin sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang pangkat ng komparison ay mayroong *mean* na 29.21 sa paunang pagsusulit at 31.00 sa panapos na pagsusulit, ang *t-value* ay 0.855 at *Cohen's d value* na at significant value na 0.01. Ito ay nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral na nasa pangkat ng komparison. Ito ay nangangahulugan na may maliit na epekto ang panurong ginamit sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pangkat ng komparison.

Ang *t-value* ng dalawang pangkat ay 4.707 at ang significant value na 0.01 at ito ay mailalarawan na may makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat sa panapos na pagsusulit. Dahil dito ang *null hypothesis* ay hindi katanggap-tanggap.

Ang mga bidyong aralin ay isang epektibong kagamitan sa mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan o sa *heterogenous classes*. Ang mga mag-aaral na may iba't ibang suliranin sa pagkatuto at pagkakaiba ng antas ng kaalaman ay bahagi sa mga kolaboratibong mga gawain kung saan ang pagkatuto ay magiging resulta ng kanilang pagpapakita ng pagiging malikhain, pakikiisa at pakikibahagi sa isang positibo at kapaligirang nakahihikayat upang sila'y patuloy na matuto at kung saan ang mga guro ay magiging isang pasiliteytor o tagapangasiwa lamang kaysa tagapagdaloy ng mga dapat gawin (Fazinic, 2015).

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, ang mga sumusunod na kongklusyon ay inilahad o ipinakikita na:

1. Ang Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa eksperimento at komparison na pangkat ayon sa resulta ng pormatibong pagtataya ay nakitang may makabuluhang

pagkakaiba. Ang pormatibong pagtataya matapos ang walong aralin ay nagpapakita na ang eksperimental na pangkat na ginamitan ng bidyong panturo ay may mas mataas na *mean* kumpara sa komparison na pangkat, ito ay nangangahulugan na ang bidyong panturo ay higit na nakakatulong sa pag-aral ng mga mag-aaral.

2. Ang Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa eksperimental at komparison na grupo ayon sa resulta ng panapos na pagtataya ay mailalarawan na may makabuluhang pagkakaiba ang dalawang pangkat sa panapos na pagsusulit.

3. Ang Walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat grupo ayon sa resulta ng panimula at panapos na pagtataya ay nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panapos na pagsusulit ng mga mag-aaral na nasa pangkat ng eksperimental. Ito ay nangangahulugan na may malaking epekto ang bidyong aralin sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Hinihikayat ang pamunuan ng paaralan at mga guro na makalikha ng mga bidyong aralin sa pagtuturo bilang suporta sa paggamit ng modyul at maging kasangkapan upang mapataas pa ang antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral.

2. Inirerekomenda sa bawat pamunuan na makapaglahad ng plano na may kaugnayan sa interbensyong gagamitin sa pagpapalawig ng antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral sa bawat asignatura.

3. Iminumungkahi sa mga susunod na mananaliksik na magsagawa pa ng ganitong uri ng pag-aaral upang mabigyan pa ng malawak na pagdalumat ang kabisaan ng bidyong aralin sa antas ng kakayahang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**PAGKILALA**

Taos-pusong ipinaaabot ng mananaliksik ang lubos na pasasalamat at pagtanaw ng utang na loob sa lahat ng tulong, suporta, pang-unawa, gabay at higit sa lahat ang panalangin sa mga sumusunod:

Sa Mababang Paaralan ng Canlalay na nagbigay ng pagkakataon sa mananaliksik upang maging bahagi at magamit ang lahat ng mga kinailangang kagamitan sa pananaliksik;

Sa mga kaibigang guro ng mananaliksik, sa kanilang pagtulong at pagpapalakas ng loob na tapusin ang pananaliksik na ito;

Sa mga malalapit na kaibigan na nagmalasakit at nagbigay ng moral na suporta sa panahon ng pag-aaral ng mananaliksik.

**SANGGUNIAN**

[1] Moran, M., Seaman, J., & Tinti-Kane. (2011). Teaching, Learning, and Sharing: How Today's Higher Education Faculty Use Media, p. 1-32.

[2] Chaohua Ou, David A. Joyner, and Ashok K. Goel (2019). Designing and Developing Video lessons for Learning: A Seven-Principle Model. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1218394.pdf

[3] Naizabekov, S (2012). Negative impact of Social Media Networking Sites on Academic performance of Students. Academia.edu.

[4] Dr. Sudhir Ramdas Nagarkar (2019). Interactive Video Lesson for E-Learning.Researchgate.net.

[5] Tria, Z., Jose, (2020). International Journal of Pedagogical Development and Lifelong Learning: The COVID-19 Pandemic through the Lens

of Education in the Philippines: The New Normal.Researchgate.net.

[6] Folse, Debbie Wells, Ph.D (2018). Effects of instructional directions and grouping in an interactive video lesson on achievement, peer interaction, attitude, and completion time.Researchgate.net.

[7] Andrew Miller (2013). Student Engagement with Video Instruction—How to Engage 7th-Grade Social Studies Students and Diverse Academic Abilities with Video in the Classroom.Researchgate.net.

[8] Walter Francis Ryan (2016). The Distance Education Delivery of Senior High Advanced Courses in the Province of Newfoundland and Labrador: A Study of the Academic Success and Academic Progress of the Participatingstudents. Researchgate.net.

[9] Carlena M. Benjamin. (2010) Effects of Flipped Lessons on Academic Performance and Student Involvement in an Anatomy and Physiology Course.

[10] Panagiota Nikopoulou-Smyrni and Christos Nikopoulos. (2010). Evaluating the impact of video-based versus traditional lectures on student Learning.Article.Educational Research